# *MASUNDAN MO KAYA?*

**13-A** KASANAYAN: **Pagkilala at pagsunod sa babala at patalastas**

# Filipino

(PAGBASA)

UNDP - Assisted Project
UNITED NATIONS DEVELOPMENT PROGRAMME
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
Department of Education, Culture and Sports
Pasig City, Metro Manila
1997

## Panimula

Ang Modyul na ito ay bahagi ng isang serye ng mga Modyul sa English, Filipino at Mathematics. Inihanda ito ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Elementarya sa pagtataguyod ng United Nations Development Programme (UNDP) sa ilalim ng proyektong PHI/93/011 - Support Programme for the Universalization of Quality Primary Education (UQPE) Through Strengthening of Multigrade Program in Philippine Education.

Ang mga kagamitang ito ay sadyang inihanda upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan, gayundin upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat. Ang bawat modyul ay may kabuuang pamaraan ng pagtuturo at magagamit ito hindi lamang sa pagpapatibay o pagpapayaman ng kaalaman kung hindi maaari ring gamitin sa paglinang ng bagong aralin. Ang mga kagamitang ito na may iba't ibang antas ay iminumungkahing gamitin sa mga paaralang elementarya ng bansa.


**Mga Manunulat:**

Elizabeth J. Escaño - Chairman
Merlita A. Nolido
Irene C. de Robles
Nancy G. Almario
Federico L. Reyno
Josefina V. Lacuna
Zenaida Z. Tolentino

**Mga Kasangguni:**
Dr. Marcelina M. Miguel
Dr. Lydia Lalunio

**Mga Tagapag-ugnay ng Proyekto:**
Ms. Corazon L. Galang
Ms. Merlita N. Nolido

**Dr. Teresita G. Inciong**
Director III
Bureau of Elementary Education

**Dr. Lidinila M. Luis-Santos**
Director IV
Bureau of Elementary Education

## Halinang Magsanay

Isa sa dapat matutuhan ng bata
Sumunod sa mga panuto't babala
Susi ito sa mabuting pag-unawa
Sa mga pagsusulit
  at anumang ginagawa
At upang makaiwas sa mga sakuna.

Gaano ka ba kahusay
  sumunod sa panuto at babala?
Buksan sa kabila
  upang malaman mo.





## Magbalik-aral Tayo


Pagsasanay A.

Panuto : Piliin ang titik ng larawang sumunod sa panuto.


1. Lagyan ng malaking tsek ang gulay.



A



B


C

2. Lagyan ng ekis ang kulisap.



A


B


C


3. Bilugan ang bumbero.



A



B


C


4. Lagyan ng dalawang ekis ang <u>hindi</u> makalalangoy.


A



B


C


5. Lagyan ng dalawang tsek ang pagkaing pampalusog.



A



B




C

## Mag-aral Tayo

Basahin at pag-aralan.

Lunes ng umaga. Handa na sa pagpasok ang mga bata.



Sagutin ang sumusunod na tanong :

1. Bakit hindi makapapasok ang mga bata sa paaralan?
2. Ano ang dahilan ng malakas na hangin at ulan?
3. Paano nalalaman ng mga tao na may bagyong dumarating sa bansa?
4. Paano naman nalalaman ng tao na mapanganib ang bagyong dumarating?

Ganito ba ang sagot mo sa mga tanong?

1. Malakas ang ulan at hangin
2. May bagyong parating sa bansa
3. Nagpapalabas ng mga balita sa radyo at telebisyon
4. Itinataas ang mga babala ng bagyo sa mga lugar na daraanan ng bagyo.

Magaling !

Alam mo ba ang kahulugan ng mga babala ng bagyo?

Pag-aralan mo.

**Babala ng Bagyo Blg. 1** - May bagyo. Sa mga lugar na may ganitong babala ang bilis ng hangin ay mula 50 hanggang 89 kilometro bawat oras sa loob ng mga susunod na 36 na oras.

**Babala Bilang 2** - Malapit sa lugar na ito ang daan ng bagyo. Ang hangin ay may bilis na mula 90 hanggang 119 kilometro bawat oras sa loob ng susunod ng 24 oras.

**Babala Bilang 3** - Malapit sa lugar na ito ang daan ng bagyo. Ang hangin ay may bilis na 120 kilometro bawat oras o mahigit pa sa loob ng susunod na 12 oras.

Bakit mahalagang malaman ang mga babala?

Upang makapaghanda ang mga tao at maiwasan ang anumang sakuna, hindi ba?

Ano kaya ang maaaring mangyari kung hindi mababasa o mapapakinggan ang mga **babala**?

Maaaring mapahamak ang mga tao, hindi ba?

Buksan ang susunod na pahina.

Pansinin natin ang dalawang balitang ito.

A.

| |
|---|
| Pumasok na sa Pilipinas ang bagyong si Asyang. Ang Silangan at Gitnang Luzon ay makararanas ng malalakas na bugso ng hangin at ulan maghapon.<br><br>Ang babala ng bagyo bilang isa (1) ay itinaas sa mga lalawigan ng Cagayan, Isabela, Quirino at Batanes.<br><br>Ang babala ng bagyo bilang 2 ay nakataas na sa mga lalawigan ng Aurora, Nueva Ecija, Pampanga, Bataan, Bulacan at Tarlac. Magiging maalon ang mga karagatan at lubhang mapanganib paras sa maliliit na sasakyang-dagat.<br><br>Ang lahat ay pinag-iingat. |

B.

| |
|---|
| Nais ko pong ipabatid sa mga magulang at mag-aaral na walang pasok ngayon sa elementarya at sekundarya sa mga paaralang pribado at pampubliko. |

May pagkakatulad ba ang dalawang balita?
Ano ang pagkakaiba nila?

Parehong nagbabalita, hindi ba?

Ang **balita A** ay nagbabalita ng isang pangyayari na maaaring makasama o makaapekto sa tao, hindi ba? Ano ang pangyayaring ito? **Ito ang bagyo**, hindi ba?

Ang **balita B** ay nagbabalita ng isang bagay na dapat malaman ng mga tao, hindi ba? Ano ang dapat nilang malaman?

**Walang pasok sa paaralan.**

Ang **balita A** ay nagbibigay ng isang **babala**.

Ang **balita B** ay tinatawag na **patalastas**.

Suriin ang sumusunod na babala.

1.

| |
|---|
| **MAINGAT:**<br>**MALALIM NA HUKAY** |

2.

| |
|---|
| **IPINAGBABAWAL:**<br>**PANGUNGUHA NG IBA'T IBANG URI NG SHELLFISH SA MANILA BAY. MAY RED TIDE ANG DAGAT** |

3.

| |
|---|
| **DAHAN-DAHAN SA PAGMAMANEHO**<br>**MADULAS ANG DAAN** |

Bakit kailangang mag-ingat sa pagdaan sa malalim na hukay?
Ano ang maaaring mangyari?
Bakit ipinagbabawal ang pangunguha ng shellfish sa Manila Bay?
Bakit kailangang magmaneho nang dahan-dahan sa madulas na daan?

Ano ang mangyayari kung hindi mababasa o susundin ng mga tao ang mga babalang ito?

Maaaring maaksidente o mapahamak ang mga tao, hindi ba?

Narito naman ang isang halimbawa ng **patalastas.**

| |
|---|
| Inaanyayahan ang mga magulang ng mag-aaral sa ikalawang baitang na dumalo sa : |
| ANO : Miting ng mga Magulang at Guro |
| KAILAN : Agosto 19, 1997 |
| SAAN : Silid-Aklatan |

Ano ang ipinahahayag ng patalastas na ito? Nag-aanyaya sa *mga* magulang sa ikalawang baitang, hindi ba?

Anu-anong mahahalagang detalye o impormasyon ang nakalagay rito?

Isa rin itong patalastas. Suriin naman ito.


| |
|---|
| **NANGANGAILANGAN**<br><br>3 Mananahi<br><br>May 5 taong karanasan sa pananahi ng pantalon<br><br>Idad : 25 taong gulang pataas<br><br>Tapos sa mataas na paaralan<br><br>Sumulat sa : R & C Tailor Shop<br>20 Ermin Garcia St.<br>Don Pedro Village,<br>Malabon, Metro Manila |

Ano naman ang hinahanap nito?


**Malalaman kaya ng nakababasa kung anong katangiang ang dapat taglayin ng aplikante?**

Makararating kaya ang aplikante sa naghahanap? Bakit?
Bakit mahalaga ang ganitong mga patalastas?
Malaking tulong ito sa mga lahat ng kinauukulan, hindi ba?
Naiiwasan ang pag-aaksaya ng oras, pagod at salapi.
*Kung* wala silang katangiang hinahanap sa patalastas, ang mga tao ay hindi na mag-aabala para rito.


May iba pa tayong babala na nakikita sa mga daan. Narito pa ang ilan at ang mga kahulugan nito.





Dito ang Babaan at Sakayan



Mag-ingat : Liku-Liko ang Daan



Walang Likong Kanan



Bawal Humimpil




Mag-ingat: Madulas ang Daan


Mayroon ka pa bang babalang nakikita sa inyong pamayanan? Sabihin ang mga ito.




Walang Likong Kaliwa



Bawal Bumusina



Mag-ingat sa
Nahuhulog na Bagay



**Tandaan :**

Ang **patalastas** ay nagsasabi ng mahalagang bagay o impormasyon na nais ipaalam agad sa kinauukulan o maraming tao.

Ang babala ay isang maikling balita na nagbibigay ng isang mahalagang pangyayari o kalagayan na maaaring maging dahilan ng sakuna o kapamahakan kung hindi maipaaalam sa tao.

## Magsanay Tayo

A. **Panuto:** Sabihin kung ang sumusunod ay mga **patalastas** o **babala**:

1.

| |
|---|
| **Sa mga Manlalaro** |
| **Ano : Praktis ng Basketbol** |
| **Kaila : Hulyo 14, 1997**<br>**Biyernes; 4:00 n. h.** |
| **Saan : Plasa** |

2.

| |
|---|
| **Mag-ingat sa Pagpanhik**<br>**Basa ang hagdanan.** |

3.

| | | |
|---|---|---|
| **Nangangailangan:** | | |
| **Labandera** | | |
| **Sahod** | : | **P900.00 sa isang buwan** |
| **Makipagkita ka** | : | **Gng. Nena Reyes**<br>**#12 Tandang Sora St.**<br>**Balintawak, Quezon City** |

4.

**Sa Mga Nagsipagtapos sa Mabolo High School**
**ng Taong 1977**

**BALIK-ESWELA NG KLASE '77**

**KAILAN :** **Hunyo 6, 1997**
**Ika-8:00 ng umaga- 5:00 ng hapon**

**SAAN :** **Bakuran ng Paaralan**

**MAKIPAG-ALAM KAY :**
**Gng. Gina Reyes**
**124 Quezon St. Novaliches Q.C.**

5.

**Umiwas sa Sakuna**
**Tumawid sa Tawiran ng Tao**

B. Pag-aralan ang sumusunod : Ano ang dapat gawin sa ganitong kalagayan?

1. Nakita ni Nestor sa pintuan ang ganito:

**May aso. Nangangagat!**

Ano ang dapat niyang gawin?

a. Pumasok nang tuluy-tuloy sa loob.
b. Magpasama sa kapitbahay.
c. Tumawag sa maybahay bago pumasok.

2. Sa isang ginagawang gusali, may nakalagay na.

| |
|---|
| **Mapanganib!**<br>**Huwag Dumaan Dito** |

Ano ang dapat gawin?

a. Iwasang dumaan dito.
b. Magsuot ng matigas na sumbrero.
c. Lumakad nang mabilis pag natapat dito.

Pagsasanay B

Panuto: Pag-aralan ang sumusunod na patalastas at sagutin ang mga kasunod na tanong.

**MILO BEST SA HULYO 4**

Pasisimulan sa Hulyo 4 ng Milo Best Center ang pagtuturo ng paglalaro ng basketball sa gym ng Ateneo de Manila.

Gagawin ang klase sa antas ng 1-4 para sa mga baguhan simula ika-8:00 hanggang ika-11:00 ng umaga.

Maaaring magpatala ang mga nais lumahok sa Quezon City Sports Club o kaya tumawag sa telepono bilang 99-48-68.

Hanapin si G. Nestor Banzon

Nais mong matuto ng paglalaro ng basketball. Nakita mo ang patalastas sa itaas.

1. Kailan magsisimula ang pagsasanay?________________
2. Saan gagawin ang pagsasanay? ______________________
3. Saan maaaring magpatala? _____________________
4. Anong oras gagawin ang pagsasanay sa mga baguhan? ____________
5. Kanino dapat magpatala? ________________

## Subukin ang Sarili

A. Panuto: Pag-aralan ang bawat kalagayan.
Ano ang dapat gawin?

1. **Mag-ingat : Malambot ang Semento**

   a. Lumihis ng daan.
   b. Magtuluy-tuloy sa paglakad.
   c. Lumakad dito nang marahan.

2. **Magpatakbo nang marahan.**
   **Tawiran ng malalaking sasakyan.**

   a. Lalong bilisan ang pagpapatakbo ng sasakyan.
   b. Mag-ingat sa pagmamaneho.
   c. Tumigil tingnan kung may daraang ng mga sasakyan.

3. Nakalagay ito sa hagdan ng paaralan.

   **MAG-INGAT SA PAGHAKBANG.**

   a. Bumaba nang sabay-sabay.
   b. Maging maingat sa pagbaba at pagpanhik.
   c. Maghabulan sa pagbaba at pagpanhik.

B. Pag-aralan.

**NANGANGAILANGAN:**

**Modelo at Mang-aawit**

May gulang na 18 - 23
Listo at maganda
Taas - 5' 6" Talampakan
Buwanang Sahod: P5,000

Magsadya ng personal sa:

MAMBO MODELING AGENCY
Poblacion, Marikina City
Telepono: 890-20-56
Hanapin si Lumin at Marissa

1. Ano ang kailangan ng kompanya?

    a. Mananahi at Labandera.
    b. Modelo at Mang-aawit..
    c. Mangungulot at Manikurista.

2. Magkano ang ibibigay na sahod?

    a. P2,000 bawat buwan
    b. P5,000 bawat buwan
    c. P3,000 bawat buwan

3. Gaano kataas ang hinahanap?

    a. Anim na talampakan
    b. Lima at kalahating talampakan
    c. Limang talampakan

4. Saan dapat magtungo ang aplikante?

    a. Sa Mambo Modeling Agency
    b. Sa tabing dagat
    c. Sa kaibigan
    d. Sa tahanan ng may-ari

5. Sino ang dapat hanapin?

    a. Thea at Clarita
    b. Lumin at Marissa
    c. Nerisa at Melba

> **TRABAHO AGAD**
>
> **OPERATOR NG MAKINA**
>
> **SA PAGGAWA NG LACE**
>
> Maaaring Lalaki o Babae
> Nasa pagitan ng 18-35 taong gulang
> May isang taong karanasan sa paghawak
> ng makinang paggawa ng lace
>
> Magsadya ng personal at magdala ng
>
> 1 X 1 larawan sa : 36 Anonas St.,
> Mandaluyong City

6. Ano gawaing naghihintay sa isang aplikante? _____________
7. Ano ang edad ng aplikanteng kailangan? ______________
8. Ano ang dapat dalhin sa pag-aaplay ng trabaho? _____________
9. Saan dapat magtungo ang aplikante?__________________
10. Sino ang dapat mag-aplay sa trabaho? ________________

Gamitin ang patalastas at sagutin ang sumusunod ng **Tama** o **Mali**.

1. Maaaring mag-aplay ang isang aplikante sa pamamagitan ng pagsulat. _________.

2. Pinagdadala ng bio-data ang aplikante. ________.

3. Maaaring mag-aplay ang mga may gulang 40 taon. __________.

4. Isang mambuburda ng tela ang hinahanap sa patalastas. __________.

5. Kailangang may karanasan sa pagiging opereytor ng makina ng paggawa ng lace ang aplikante. _____________

[redacted]

[redacted]